

1

Palabas na ng ospital si Jared nang makasalubong niya sa lobby ang kaibigang si Graham.

Napansin nito ang kanyang kakaibang ngiti.

“So, nahuhulaan kong tuloy na tuloy na ang bakasyon mo bukas. Tama ba ako?”

“Yeah. Wala nang makapipigil,” masayang sabi niya.

Paanong hindi siya matutuwa, matagal na rin niyang hinihintay na maipagkaloob sa kanya ang leave na ito. Mula kasi nang maging ganap siyang doktor apat na taon na ang nakakalipas, ni minsan ay hindi pa siya nabigyan ng pagkakataong makapagpahinga.

Magmula noong nagsimula siyang mag-aral sa college, ni minsan hindi pa siya nakapagbabakasyon nang maayos. Masyado niya kasing sineryoso ang pag-aaral. At nang makapagtapos siya bilang *cum laude* sa kursong Medicine, mas lalo niyang pinag-igi ang performance nang pumasok na sa ospital. Natural, matindi ang pressure. Idagdag pa ang pagiging sikat na doctor din ng kanyang mga magulang.

They are both retired now, at ginugugol nila ang oras sa pag-iikot sa bansa, giving medical missions. Mula noon, mapagkawanggawa na talaga ang mga magulang niya. Ang kinikita ng share nila bilang stockholders sa *LTS Hospital* ay halos napupunta lahat sa charity.

Hindi kailanman inimpluwensyahan ng mag-asawa ang anak para sumunod sa yapak ng mga ito, pero tuwang-tuwa ang dalawang matanda nang magdesisyon siyang maging doctor din.

And Jared proved to be a very good doctor.

Lately ay naramdaman niya ang stress na dulot ng kawalan ng pahinga. Bilang isang doktor, alam niyang hindi ito madadaan sa mga gamot o anupaman. Tanging pahinga lang ang makakatulong sa kanya. He decided it's time to have that much needed relaxation.

“At sa Baguio ka talaga pupunta?” tanong uli ni Graham na sumabay na sa paglabas niya ng ospital.

“Yeah,” tango ni Jared. “I’ve only been there once at matagal na ‘yon. Noong bago pa ako mag-college.”

“Do you have a place to stay?”

“May nag-recommend na sa akin ng pangalan

ng hotel.”

“I told you, you can stay at my sister’s house,” muli ay alok nito. “Tatal lagi naman iyong pinahahanginan at nililininan ng kapatid ko. The place is perfect for resting dahil tahimik doon. Medyo malayo nga lang sa mga kapitbahay. But it’s a twenty-minute ride to town. Okay pa rin.”

“Hindi ko dadalhin ang kotse. Since hindi ako familiar sa lugar, it would be best for me to use public transportation.”

“Okay lang, puwede mo namang lakarin hanggang marating mo ang highway at maghintay ng sasakyan.”

Jared was tempted to accept his friend’s invitation. Tiyak niyang maganda ang lugar dahil kung hindi, bakit ito irerekomenda ng kaibigan? Pero nag-aalanganin pa rin siya. Graham noticed it.

“Ganito na lang, kapag narating mo ang Baguio, try mong bisitahin. The place used to be a popular camping site and it’s called *Raven’s Haven*. Some taxi drivers might still remember it. It’s located in Sto. Tomas. Kapag nagustuhan mo, I’ll give my sister a call at kunin mo sa kanya ang susi.”

“Hindi ba doon nakatira ang kapatid mo?”

“Nope, may sarili siyang bahay sa town. Malapit ‘yon sa public school kung saan siya nagtuturo.”

“She’s a teacher?”

“Yeah. At mabait siya, huwag kang mag-alala. Matutuwa pa nga siya kung may titira kahit sandali sa bahay niya.”

Nagpasalamat si Jared sa kaibigan at nangakong susubukan niyang pasyalan ang ang *Raven’s Haven*. Pero sa loob-loob niya ay wala talaga siyang balak gawin iyon. Nahihiya kasi siyang mag-impose.

Pagkatapos ng dalawang araw na pamamasyal sa lungsod, nagsawa rin siya. Nakakalungkot din pala ang mag-isa. Pakiramdam ni Jared ay nagmumukha siyang kawawa habang naglalakad mag-isa sa mga parke dala ang kanyang digicam.

Ni hindi nga niya makunan ng picture ang sarili dahil nahihiya siyang magpakuha sa mga estranghero. Tuloy, pulos mga tanawin ang nasa camera niya. Proof na namasyal nga siya sa lugar na ito.

Hay... the problem of being single. Kung may girlfriend sana siyang kasama, marahil nag-e-enjoy pa siya.

Matagal na panahon na rin mula nang mag-break sila ng huling girlfriend niyang si Lyka.

She didn't know how to cope with his job. She was a bank teller herself, regular ang schedule ng trabaho. Hindi nito naiintindihan ang difference sa kanilang mga propesyon, na siya ay puwedeng matawagan anumang oras, na hindi niya hawak ang kanyang schedule. Lyka started getting demanding, na maglaan siya ng oras para matagal silang magkasama at huwag niyang pansinin ang call of duty sa tuwing lalabas sila. In the end, pareho silang nagsawa at nagkasundong hindi mag-wo-work out ang kanilang relasyon.

After Lyka, he didn't attempt to get involved with another girl. Pakiramdam ni Jared, unfair kung magiging ganoon din ang sitwasyon. Na hindi niya rin mabibigyan ng sapat na panahon ang magiging bagong nobya kung sakali.

Thirty-one years old na siya, hindi naman siya nagmamadali na makahanap muli ng girlfriend.

Lumabas siya sa isang fastfood restaurant kung saan siya kumain at sandaling tumayo sa labas. Nag-iisip siya kung saan ang susunod na pupuntahan.

Naalala niya ang pinag-usapan nila ni Graham.

Raven's Haven... It sounded interesting. Tumingin siya sa relo at naiisip na maaga pa para bumalik sa hotel.

Pumara siya ng taxi.

Tama ang kaibigan; the place is a twenty-minute ride from town.

At alam na alam ng taxi driver ang naturang lugar. Apparently, for the last three years ay nagsisilbi na pala uli itong camping ground tuwing summer. Buhay na naman daw ang lugar at ang pangalan nito.

At nagkataong summer ngayon.

Napailing si Jared. Obviously ay hindi ito sinasabi ni Raven sa nakatatandang kapatid. Dahil kung alam sana ni Graham, hindi na nito ini-offer ang bahay sa kanya. Mabuti na lang hindi siya kaagad sumang-ayon.

At dahil summer ngayon, siguradong open ang camping ground. Ibig sabihin, hindi niya puwedeng gamitin ang lugar dahil may gumagamit nito.

He decided to go and take a look, anyway. Tatal wala siyang ibang magawa kundi magsayang ng oras.

At hindi niya maintindihan kung bakit bigla ay na-curious siya sa kapatid ni Graham na nanggangalang Raven. Obviously, mula sa kuwento ng driver, the

girl is popular in the small city dahil sa pagiging mapagkawanggawa nito.

Ang *Raven's Haven* ay bungalow type na bahay na may pitong silid. Naroon ito sa gilid ng bundok ng *Sto. Tomas* na isa palang inactive volcano. Ang five hundred square meters na lupang kinatatayuan nito ay pinapalibutan ng nagtataasang sementong bakod, na siyang nagkukubli rito mula sa labas na mundo.

Sa loob ng bakod ay may mga punong pino, bungang-kahoy tulad ng mangga, bayabas at avocado. May parte rin na mistulang mini park. May mga duyan at kung anu-ano pang pahingahan. May malawak na parte kung saan berdeng-berdeng Bermuda grass ang makikita.

Hindi ito dapat tinatawag na camping ground. Dapat itong tawaging paraiso. Paraiso ni Raven tuwing summer. At paraiso ng mga batang iniimbitahan niya roon.

Sa ngayon ay anim na mga bata ang nasa kanyang pangangalaga. For the next four weeks ay makakasama niya ang mga ito sa *Raven's Haven*. Last year ay ibang batch naman ang kasama niya. Ang mga batang ito ay galing sa bahay kalinga. Pawang

When Love Comes Along - Mari Calingayan

walang pag-asang mahanap ang tunay na magulang ng mga ito kaya naghihintay ng mag-aampon.

Ang kaibahan lang noong nagdaang taon, ngayon ay may baby sila—si Dimples. Ito ang sanggol na iniwan a year ago sa labas ng pinto ng kanyang bahay sa bayan.

She was only a few days old.

Raven was more than happy to welcome the baby. Kaagad niyang inasikaso ang pagpa-process ng adoption. Anytime now ay may resulta na ito. She was positive mapapasakanya si Dimples.

She could hear the children singing nursery rhymes. Napangiti siya.

This summer is going to be a lot of fun!

Ipinatigil ni Jared ang taxi sa labas mismo ng gate ng *Raven's Haven*. Hindi naman siguro kailangang papasukin pa ito sa loob ng bakuran.

Sa pumapalibot na bakod ng naturang lugar, tanging ang gate lamang ang yari sa rehas. Dahilan para makita ang nasa loob.

Ang mala-paraisong loob. Ang bahay na

napipinturahan ng pink, white at red. Para itong isa sa maliliit na bahay na nakalagay sa ibabaw ng cake. Marahil ganito ang bahay ng witch sa *Hansel and Gretel*.

Binigyan niya ng malaking tip ang driver at pinaalis na ito. No point in making him wait. Nagdesisyon siyang makipagkuwentuhan kahit saglit sa kapatid ni Graham. Ayon sa narinig niya mula sa driver, naisip niyang tama ang kaibigan. She seems to be a very interesting person.

Humugot siya ng malalim na hininga bago itinaas ang kamay para pindutin ang doorbell.

At noon din lang niya napansin ang isang naka-post na papel sa gate.

Wanted: Driver.

Napakunot-noo ang binatang doctor, pagkuwan ay sumilip sa loob. Ang tanging sasakyan na nakikita ng mga mata niya ay isang may kalumaang *Pregio* van. Nahulaang iyon ang nangangailangan ng driver.

Muli niyang pinindot ang bell.

At biglang-bigla, nanlaki ang kanyang mga mata nang tatlo—hindi—apat na mga bata ang nag-uunahang lumabas mula sa bahay at patakbong

tinutungo ngayon ang gate.

Maingay rin ang mga ito. Ang isang batang lalaki ay nadapa dahil sa pagkakatulak at sandaling naiwan, ngunit ilang sandali pa ay muli itong bumangon para tumakbo.

“Ako na, ako na!” Sumusigaw ang batang lalaki na siyang unang nakarating sa gate at nagmadaling binuksan iyon.

Humihingal na mga paslit ang sumalubong kay Jared.

“H-hi,” alanganing bati niya.

Sabay-sabay na ngumiti ang pagod na mga bata.

Pumasok na siya ng gate at muli ay nag-unahan ang mga bata na maisara iyon. Nagsimulang tumakbo uli ang mga ito pabalik ng bahay.

Napapantastikuhang sumunod ang binata habang papasok ang munting grupo sa may kalawakang sala.

Nakatalikod ang babaeng napasukan niya roon. May kausap ito sa telepono. Sinamantala niya ang pagkakataong suriin ang kabuuan ng sala. Carpeted iyon, at ang tanging appliances na makikita ay ang malaking telebisyon at isang stereo.

When Love Comes Along - Mari Calingayan

Sa mga dingding ay may mga paintings na nakasabit. Pulos mga bata ang subject. Sinuri ni Jared ang pinakamalapit na painting sa kanya. Ang pirma ay mababasa.

Raven.

Hmm... interesting indeed, anang isipan niya. Bukod pala sa pagiging mapagkawanggawa ng kapatid ni Graham, and a public school teacher at that, isa rin itong pintor.

A very talented one, based on her works.

Ang mga batang kanina ay sumalubong sa kanya, ngayon ay parang mga bulang naglaho. Naririnig niya ang ingay na nagmumula sa isang bahagi ng bahay na nahulaan niyang kusina.

Mag-isa siyang nakatayo sa bukana ng main door. At walang ibang magawa kundi ang pagmasdan ang babaeng, nahuhulaan na niyang si Raven, at hintaying matapos ito sa pakikipag-usap sa telepono.

Sa tantya ng binata ay hanggang dibdib niya ang tangkad nito. Balingkinitan ang katawan, batay sa back view. Nakasuot ito ng jogging pants at ang pang-itaas nito ay isang hapit na long-sleeved shirt na itim at hinuhubog ang baywang nito.

Papalakas nang papalakas ang pakikipag-usap nito sa telepono.

“... iyon na nga ang sinasabi ko. Biglaan naman kasi ang mga nangyari. Hay naku, Abby! Baka gusto mong iwan muna ang trabaho mo at magbakasyon muna dito sa lugar ko. Tiyak mag-e-enjoy ka.” Tumawa ang babae. “Gaga! Hindi naman porque camping ground ito, eh, matutulog na kami sa labas, ‘no! Dito pa rin kami sa loob. Pero gabi-gabi kaming magba-barbecue sa labas. Want to join us?”

Si Jared na hindi naiintindihan ang tinutungo ng naririnig ay napakunot-noo.

“Bahala ka kung ayaw mo. And about that driver, wala pa ngang mga aplikante pero ang unang darating ay talagang iha-hire ko na. Kailangang-kailangan talaga ng driver. Next time mag-aaral na akong magmaneho.” Ang tawa nito ay napakagandang pakinggan para kay Jared.

“O sige, pupunta ako ngayon diyan. Damn, kailangan ko na namang magtawag ng taxi. Ang hirap nang walang kasama. Kailangan kong kaladkarin ang mga bata s’an man ako magpunta. May maire-recommend ka bang magandang driving school?” She listened for a while. “Gaga! Bakit naman ako maghahanap ng boyfriend para lang may magturo sa

aking magmaneho? Ano'ng klaseng diskarte naman iyan—” Biglaan ang pagharap nito sa direksyon ng front door.

At biglaan din ang pagtatama ng kanilang mga mata.

Napahibik ang dalaga sa gulat at nabitiwan ang hawak na receiver ng telepono. Bagsak ang pangang nakatingin ito sa estrangherong nakatayo sa pintuan.

Hindi alam ni Raven kung paano nakapasok ang napakaguwapong nilalang na ito sa bahay. Napakatangkad nito at ang mga mata... napakalamlam ng mga iyon

Who is he? Ano ang ginagawa nito sa *Raven's Haven*?

Siyempre isa lang ang rason na pumasok sa kanyang isipan. Mag-a-apply ito bilang driver.

Jared, on the other hand, was also amazed. Oo nga't naisip na niyang marahil maganda ang babaeng aabutan, after all kapatid ito ni Graham na hinahabul-habol ng mga nurses sa ospital dahil sa kaguwapuhan nito, hindi pa rin niya inasahan na mistulang anghel ito sa kagandahan.

Lalo pa't nanlalaki ang mga mata sa gulat...

“Oh, my...” mahinang sabi ni Raven, napatingin sa kamay at na-realize na wala itong hawak na telepono. Kaagad iyong hinanap ng mga mata nito at nang makita ay hinablot. “Abby?” anito, sabay sulyap sa pintuan. “Baka ma-late ako sa pagpunta diyan. Meron kasing mag-a-apply na driver. Sige, ‘bye.” Ibinaba nito ang telepono at muling hinarap ang lalaki.

Nagkatitigan sila, pagkuwan ay ang babae ang nagsimulang humakbang palapit sa kanya. Nang ilang dipa na lamang ito mula sa kanya ay inilahad nito ang kamay. “Driver’s license.”

Ang hindi pa rin nakaka-recover na binata ay parang natauhan. Kumunot ang noo niya. “Driver’s license?” At biglang pumasok sa realisasyon ang huling narinig na sinabi nito sa kausap sa telepono.

Inaakala nitong aplikante siya sa posisyon ng driver? Hindi siya makapaniwala, pero hayun at parang may sariling isip na gumagalaw ang kamay niya para kunin ang pitaka sa bulsa.

Iniabot ni Jared ang lisensya sa babae.

Ngunit hindi pa nito nababasa iyon ay pareho silang napatingin sa bumukas na pinto ng isang silid.

Naroon ang pupungas-pungas na si Dimples.

Halatang iiyak na ito anumang sandali. “M-Mommy...” gumagaralgal ang boses na tawag nito kay Raven.

Tigagal si Jared.

May anak ang kapatid ni Graham? Pero sa pagkakaalam niya ay dalaga pa ito. Kaya nga Sison ang gamit na apelyido, di ba?

At base sa narinig niyang pakikipag-usap nito sa telepono, wala itong boyfriend. Bakit naman isa-suggest ng kausap na maghanap ito ng boyfriend na magtuturo rito na mag-drive kung committed na ito?

Meaning, single mom ang babae.

Why didn't Graham tell him?

Hello? Kailangan bang sabihin sa kanya?

He looked at the woman again.

Things are getting interesting.

“Dimples!” malumanay na tawag ni Raven at nagsimulang harapin ang bata. Pinunasan ng dalaga ang tuyong laway nito sa pisngi, pagkuwan ay hinarap si Jared.

“Tanggap ka na,” anito.

Napamaang siya. “Tanggap... ako?”

When Love Comes Along - Mari Calingayan

“Magsisimula ka na ngayon, kung puwede. Pupunta ako ng city hall. Ikaw ang magda-drive.”
Isinauli nito sa kanya ang hawak na driver’s license.

Tuluyan nang hindi nakahuma ang lalaki.

2

Nakaupo sa driver's seat ng van si Jared at malalim na nag-iisip. Paulit-ulit niyang tinatanong ang sarili kung paano humantong sa ganito ang mga pangyayari. At kung bakit hanggang ngayon ay hindi siya gumagawa ng paraan para itama ang pagkakamali.

Gaano kadesperada ang babae na magkaroon ng driver? Bakit lisensya lamang ang hiningi nito sa kanya at hindi naghanap ng bio-data niya?

Sinita niya ang sarili. Obviously ay disoriented ang isipan ni Raven Sison na naging padalus-dalos sa pagtanggap sa kanya. Or maybe she's really desperate to have a driver.

Pero hindi ibig sabihin ay wala siyang magagawa. He could make her realize her mistake. Introduce himself as Graham's friend, makipagkuwentuhan saglit, and then leave. Iyon naman talaga ang balak niya, di ba?

But the thing is... hindi niya iyon basta magagawa.

Naalala niya ang sinabi ng taxi driver tungkol sa *Raven's Haven*. Pulos mga papuri ang narinig niya.

When Love Comes Along - Mari Calingayan

Those people don't know the woman personally, pero alam na alam ng mga ito ay mapagkawanggawa.

Jared felt the desire to know more about her.

Kailangan mo bang magpanggap na driver?
tanong ng isipan niya.

Sa nakikita niya ay desperado talaga itong magkaroon ng driver. *Masama bang magkawanggawa? Gusto ko lang namang tumulong.*

Naalala niya ang masasayang mukha ng mga batang sumalubong sa kanya. Ang pakikipag-usap ni Raven sa telepono. Her amazing ability to sound teasing and then suddenly turn serious in a matter of seconds.

At bumalik sa isipan ni Jared ang batang iyon na lumabas sa isang silid. Kung paanong nalimutan na siya totally ng babae at ibinaling ang atensyon dito. She gathered the child in her arms at isinayaw-sayaw pa.

Hell, from the moment he saw her, this girl has already caught his attention.

He had never met a more interesting woman na tingin pa lang ay gusto na niya itong makilala nang mabuti.

Ano ang nagbibigay ng motivation kay Raven para bigyang-panahon ang mga batang ito na hindi naman kaanu-ano? Her being a single mother? Pero sa tingin niya ay mahigit isang taon pa lamang ang anak nito, at ang sabi ng taxi driver ay apat na summer na raw tumatakbo ang *Raven's Haven*.

She's a beautiful woman. Bakit wala itong asawa? Iniwan ng ama ng bata? Bakit? The guy must be crazy.

I'm beginning to sound like an investigative reporter, anang isipan niya.

Dahil napagkamalang aplikante para sa driver , tutulungan na lang muna niya ang babae at ipagda-drive kung saanman ito pupunta. Mamaya na lang niya ipapaliwanag ang tunay na pakay roon.

Nanlaki muli ang kanyang mga mata nang mula sa main door ay nakita niya ang nag-uunahang mga bata sa paglabas.

Bihis lahat ang mga ito. At may naidagdag na hindi nakita ni Jared kanina—; isang batang babae na siya yatang pinakamatanda sa mga ito. Nakangiti ito habang pinagsasabihan ang ibang bata na magdahan-dahan at huwag magmadali. At least, may maaasahan pala si Raven na katuwang.

Ang huling lumabas ay ang kapatid ni Graham

at karga nito ang anak. Ikinandado muna nito ang pinto bago humarap sa kanilang lahat.

Napabuntong-hininga ang binata. Breathtaking ang ganda ng babaeng ito. Ni walang bahid ng makeup ang mukha nito.

“Behave. Huwag kayong mag-uunahan at huwag kayong tumalon diyan sa loob ng van,” saway nito sa nagkakagulong mga bata.

Noon lang niya na-realize na dahil masyado siyang abala sa pagsuri kay Raven ay hindi niya namalayan ang pagpasok ng mga paslit sa van.

Bumukas ang pinto ng front passenger seat at sumakay si Raven kasama si Dimples.

“Mabuti na lang dumating ka,” nakangiting sabi nito. “Hindi kasi ako makalabas nang hindi sila kasama dahil nasa bakasyon iyong kasama kong nag-aalaga rin sa kanila. Hindi naman sila puwedeng maiwan sa bahay. Ako nga pala si Raven.” Hindi nito iniabot ang kamay ngunit nakatingin sa lalaki. Tumango lang siya. “Uhm...” alanganing patuloy nito, “Ano nga pala ang pangalan mo?”

“Jared. Jared Advinculada.” Binuhay na niya ang makina ng van.

“Jared...” ulit nito habang tatangu-tango. “Whew! Hulog ka ng langit, alam mo ba?” Hindi siya sumagot. “Pasensya ka na kung ngayon ako magsisimulang magtanong, ha,” anito nang tuluyang umandar ang sasakyan. “Saan ang huling trabaho mo?”

“Sa Maynila, private driver ako ng isang congressman.” *And where did that come from, Jared? What the heck are you doing?* tanong niya sa sarili.

“I see.” Tumango ito. “Bakit ka umalis?”

“Pinagseselosan po ako ng amo ko, akala’y may relasyon kami ng asawa niya.” He should be awarded as the number one World’s Greatest Liar. At may kasama pang special award for his impromptu lies.

Napakunot-noo ito sa narinig. “At totoo ba ang hinala niya?”

Sinulyapan ito ni Jared, seryoso ang mukha. “Seventy-two years old si Congressman, sixty-eight ang asawa niya. Hindi po totoo.”

This time ay napangiti ang dalaga. Ang mga bata sa likuran na nakikinig pala ay nakitawa rin kahit hindi naman lubos na naiintindihan ang pinag-uusapan nila. Sinulyapan ni Raven ang mga ito, pinandilatan. Nagsitigil ang mga bata.

Si Jared ang napangiti sa nasaksihan.

“Paano ka nakarating dito?”

“Po?” Muntik na siyang magpreno dahil sa gulat.

Oops, hindi na siya mabibigyan ng special awards sa impromptu lies. Medyo sumabit siya.

“Huwag mo na akong pino-po. Mas bata yata ako sa iyo.”

Six years.

“Ang tanong ko ay kung paano ka napunta rito. Saan mo nalamang naghahanap ako ng driver?”

“Iyong pinsan ko pong taxi driver dito ang nagsabi. Kinumbinsi niya akong baka kapag lumipat ako ng lugar ay makakahanap ako ng suwerte. Actually, Ma’am, hindi pa ako handang mag-apply kanina, kaya nga wala akong dalang bio-data. Titingnan ko lang sana muna iyong lugar. Hayun, tama ang pinsan ko—agad akong sinuwerte.” *Your soul is going to burn in hell*, anang isang parte ng kanyang isipan.

“Ako yata ang masuwerte,” ani Raven. “Ang magiging silid mo ay nakahiwalay, doon sa likuran ng bahay. Hindi ko na ipapakilala ang mga bata, isa-isa mo ring mame-memorize ang mga pangalan nila. Sa susunod na linggo ay darating si Jane mula

When Love Comes Along - Mari Calingayan

sa bakasyon, siya ang tumitingin sa mga bata kapag wala ako.” Sinabi na rin nito ang halaga ng suweldo niya. Wala itong nakitang reaksyon sa mukha ng nagmamanehong lalaki. “Saan ang mga gamit mo?”

“H-ha?” Sinulyapan niya ito. “Nasa pinsan ko. Kukunin ko habang inaasikaso n’yo ang dapat asikasuhin.”

Nagsimula uling mag-ingay ang mga bata sa loob ng van kaya itinuon ng babae ang atensyon sa mga ito.

Mabuti na lang at may kalumaan ang gamit niyang traveling bag. Hindi na ito masyadong mapapansin. Ang kaso, masyadong mamahalin ang mga damit na nakalagay sa loob.

Nagkibit-balikat siya. Ano ang magagawa niya? Hahayaan na lamang niyang isipin ni Raven na masyado siyang banidoso.

Binitbit niya na iyon at akmang lalabas ng hotel room nang tumunog ang kanyang cell phone

Tila biglang natauhan si Jared sa lahat ng mga kalokohang naiisip nang makita sa screen ang pangalan ng tumatawag, si Graham. Bigla niyang

naalala ang tunay na sitwasyon.

“Hello, Graham,” mahinang sagot niya.

“Pare, how’s your vacation going?” tanong ng kaibigan.

“I’ve met your sister.”

“Ha?” Parang nagulat ito. “You mean nagpunta ka sa lugar and she happened to be there? Great!”

Humugot siya nang malalim na hininga. “No. The thing is, tuwing summer pala ay binubuksan ng kapatid mo ang lugar para sa mga piling bata.” At nagsimulang niyang sabihin dito ang sitwasyon.

“I’m sorry, pare,” aniya nang matapos maglahad. “But would you believe, the moment I stepped in that place, para akong nasa ibang mundo. I think I need this break.”

“Nagpapanggap ka bilang driver? Nagsinungaling ka sa kapatid ko?” Mahihimigan sa boses ni Graham na hindi ito makapaniwala sa nalaman.

Napasandal sa dingding si Jared. “I... alam mo kasi...” Napalunok siya. “Kailangang-kailangan niya rin talaga ng driver. Especially now na wala siyang kasamang nag-aalaga sa mga bata. Imagine yourself dealing with six children. To think na masyado pang

baby iyong anak niya—“

“Anak!” Halos mabingi siya sa lakas ng boses ng kausap sa kabilang linya. “Anong anak?”

Napakagat-labi siya

Oh, well, I didn't know he didn't know...

Nakita ni Jared ang mga batang naglalaro sa harapan ng opisinang pinasukan kanina ni Raven. Ibig sabihin ay nasa loob pa rin ang babae. Ang sabi nito ay ipaalam niya kapag nakabalik na siya.

Halos hindi siya pansin ng mga paslit na patuloy sa paglalaro. Ang pinakamatanda sa mga ito, si Janis, ay nakaupo sa isang upuang kahoy at kalong si Dimples.

Dumerecho siya ng lakad. Nakita niya ang bukas na pinto ng opisina at sisilip na sana siya nang biglang matigilan.

“Let's get back to that driver you hired.” Narinig niya ang iritadong boses ng isang babae. “Hindi ko alam kung kelan ka pa nagsimulang maging tanga. Aba't basta tinanggap mo na lang? Without proper papers? Without recommendation? Without police clearance o *NBI* clearance o kahit man lang sana

barangay clearance?” Lalong tumaas ang boses ng nagsasalita. “Paano kung isa itong killer?”

“Abby, hindi siya mukhang killer,” sa wakas ay narinig niya ang boses ni Raven.

Napangiti siya sa pagdedepensa nito sa kanya. *Thank you*, aniya sa isipan.

“Isang rapist?”

“Hindi rin siya mukhang rapist, for goodness’ sake!”

Katahimikan.

Nahugot ni Jared ang hininga.

“Ayusin mo iyang utak mo, Raven. Hindi na yata gumagana nang maayos ngayon.”

And I think I agree with you, anang isipan ng nakikinig na binata. *Although hindi naman talaga ako masamang tao*, tuloy pa ng isipan. *Sinungaling nga lang*.

Jared felt it was time to show himself. Bago pa kung anu-ano ang marinig niya ay sumilip siya sa pinto at kumatok.

Ang dalawang babaeng naroon ay halos mapatalon sa gulat.

Napanganga si Raven. Siguro ay tinatanong nito sa isipan kung gaano katagal na siyang nakatayo roon at kung narinig ba niya ang pinag-uusapan ng mga ito.

Nanlaki naman ang mga mata ng kasama nitong babae na nahulaan niyang si Abby.

“Andito na ako,” aniya sa kapatid ni Graham saka binalingan ang kaibigan nito. “Ma’am, Jared po. Ang bagong driver,” pagpapakilala niya sa sarili kahit pa alam niyang wala siya sa posisyong gawin iyon.

Si Abby ay nagawang tumango nang mahina. Nakita ni Raven ang reaksiyon ng kaibigan at napangiti.

“Pakidala ang mga bata sa van, Jared. Susunod na ako,” anang dalaga.

Muli siyang tumango sa dako ni Abby saka tumalikod.

Naiwan ang dalawang babae.

“Do you think he has a cell number?” tanong nito. Nakatingin pa rin ito sa pinto, tila umaasang babalik pa si Jared at nang masilayan uli ang guwapong mukha.

Natatawang tumayo si Raven para iwan ito.

3

Nakita ni Jared sa isang sulok ng mga mata ang pagsenyas ni Raven sa isa sa mga bata sa likuran ng van.

Kunot-noong tumingin siya sa salamin at nakita ang isang batang lalaki na sumenyas pabalik.

Tumango ang babae at itinutok na ang paningin sa kalsadang kanilang tinatahak.

Alanganing nilingon niya ang bata, pagkuwan ay binalingan ang katabi. “Pipi siya?”

Tumango ito. “His name is Mark. Hindi naman siya bingi, pipi lang. Puwede mo siyang kausapin.”

“At paano niya ako sasagutin?”

Napangiti lang si Raven, hindi sumagot.

“Sa dati kong trabaho, hindi lang ako driver,” aniya na may naisip na namang idagdag sa pagsisinungaling. “Bodyguard din ako ni Congressman.”

Sandaling nag-isip ito, pagkuwan ay tumango. “Interesting. Pero pasensya ka na, mababayaran lang kita bilang driver dahil ang totoo niyan ay baka

kulangin ako sa budget.”

“Hindi... hindi ako maniningil. Gusto ko lang ipaalam para maging safe ang pakiramdam n’yo pag kasama n’yo ako. Hindi ko pababayaan ang mga bata.”

Biglang nangislap ang mga mata nito. “Kung gayon may alam ka sa self-defense?”

At least, inabot naman ni Jared ang brown belt status sa karate noong high school. “Siyempre, karate.” Nagkibit-balikat pa siya.

“Puwede mo kayang turuan ang mga bata? Kahit bata sila, at least, magkaroon sila ng interes sa aspektong ito.”

“Sure. Okay lang sa akin.”

Medyo natigilan si Raven. “Uhm... libre?”

Gustong umikot ng mga mata ni Jared. “Libre.”

“Narinig n’yo iyon?” Binalingan nito ang mga bata sa likuran. “Matututo kayo ng karate!”

Naghiyawan ang mga bata, maging ang maliliit pa para maintindihan iyon.

Nang makabalik sila sa *Raven’s Haven* ay sinamahan siya ng dalaga sa magiging kuwarto niya.

“Sigurado ka bang okay lang itong silid mo? Siguro hindi maikukumpara sa naibibigay ng isang congressman sa kanilang driver,” anito habang binubuksan ang mga bintana ng silid na pinagdalhan sa kanya.

Inilibot niya ang paningin sa loob. Bagaman bakante ay maayos na maayos ang silid, at maging siya na sanay sa karangyaan ay walang masabi.

Napabuntong-hininga si Raven. “Alam mo, ini-invest ko na sa iyo lahat ng pagtitiwala ko. Sana hindi nagkakamali ang instinct ko—sa kabila ng kadudadudang pagkakasibak mo sa huling trabaho mo.” Nagawa pa nitong ngumiti sa sinabi.

“Kailangang-kailangan ko ng trabaho, hindi ako gagawa ng anumang hakbang para mawala ito. At isa pa, salita ko na lang ang maibibigay ko, pero mabuti akong tao.” Nagkibit-balikat siya. “Sabi nila.”

Nanggitian sila.

Ang unang pagkakataon na humarap siya sa hapag-kainan ay sa hapong iyon.

Halos umikot ang ulo ni Jared sa ingay at gulo ng mga bata lalo na ang dalawang lalaki.

Oo nga't masasabing sanay siya sa mga bata. Pero ang mga nakakaharap niya ay pawang mga pasyente na kung hindi man nakaratay na lang sa kama ay...

Damn! Kaya nga siya nagbakasyon ay para makapagpahinga muna sa takbo ng every day life niya...

Teka nga, kaninong kasalanan ba ito? tanong ng isang panig ng isipan niya. And he didn't answer that question, of course.

Binalingan niya ang tumatawang si Raven. Nilalagyan nito ng white beans ang plato ng isa sa mga bata.

Hindi mapigilang muli siyang makaramdam ng amazement. How could she do this? Hindi ba naririndi ang tainga nito? Sa nakikita niya ay natural na natural sa babae ang ginagawa nito. Ang turing sa lahat ng mga bata ay parang anak.

Si Dimples ay maagang nakatulog, kaya naman wala ito ngayon sa mga bisig ng babae.

Muli ay bumalik sa kanyang isipan ang mga katanungan tungkol sa ama ng bata, at kung bakit ito wala ngayon sa piling ng mag-ina.

Naalala niya ang reaksiyon ni Graham sa kanyang

balita. At ang realisasyon na anumang oras ay susulpot ito sa kanilang harapan. Anumang oras...

Inumpisahan ni Jared ang unang session ng pagtuturo ng karate sa mga bata. Sa harapan nito ay nakalinya ang limang bata. Maging ang pinakamatandang si Janis ay nakumbinsi ni Raven na sumali.

At least hindi pinapila si Dimples, pero ang bata ay hinahayaang maglaro sa damuhan.

Tumangging sumali si Raven. Masaya niyang pinapanood sila mula sa inuupuang duyan habang may hawak na papel at lapis.

Isang taxi ang huminto sa tapat ng gate.

Ang mga bata ay akmang magtatakbuhan para buksan iyon, pero pinigilan ng binata ang mga ito. Pinabuo nito ng circle ang grupo at pinaupo sa damuhan. Meditation umano ang gagawin nila.

Tumayo si Raven mula sa duyan para salubungin ang panauhin.

Malayo pa lang ay pamilyar na sa kanya ang lalaking nasa labas ng gate.

Ang ‘dakilang’ kapatid niyang si Graham.

Mahigit isang taon nang huli silang magkita nito. Tuwing bakasyon ay pinipilit ng lalaking mabisita siya at masermunan siya sa maraming bagay. Pero nitong nagdaang taon ay masyado itong naging abala sa trabaho kaya hindi nagkaroon ng pagkakataong dalawin siya.

Kung gayon, bakit biglang-bigla ay narito ngayon ang kanyang kuya?

Pormal ang mukha nang pagbuksan niya ito ng gate. “Hi,” maikling bati niya.

Salubong na salubong naman ang mga kilay ni Graham. “Follow me inside,” madiing utos nito at nilampasan siya.

Taas ang isang kilay na sumunod dito si Raven. Ano ang problema nito? Bakit bigla itong darating at umaaktong ‘high and mighty’ sa loob ng *kanyang* pamamahay?

Nang makarating sa sala ay dumerecho si Graham sa tapat ng bukas na bintana at tumingin sa labas.

“Someone told me,” simula nito sa matigas na boses, “na may anak ka na.”

Napanganga siya at di-makapaniwalang

nakatingin sa likod ng kapatid.

“Excuse me?” Sa wakas ay nagawa niyang ibulalalas. Nagkamali ba siya ng nadinig o totoong inaakusahan siya ng sariling kapatid sa pagkakaroon ng anak?

Bigla itong humarap, hindi na maitago ang galit sa mukha. “Huwag kang magmaang-maangan, Raven! Nasaan ang anak mo at bakit mo inilihim sa amin ito?!” Masyadong malakas ang boses nito at alam niyang umaabot iyon sa labas. Nagdasal siyang sana ay magawang harapin ni Jared ang mga bata para hindi magtakbuan papasok at abutan silang magkapatid sa ganoong sitwasyon.

“Wala akong anak,” madiing sabi niya.

“Huwag kang magsinungaling sa akin,” mas madiin pang hayag ng kapatid.

Nagkatitigan sila, parehong matalim ang mga tingin.

Pagkuwan ay biglang ngumiti si Raven, ngunit iyon ay puno ng pait. “Do you honestly think,” aniya sa hindi makapaniwalang boses, “na matapos ang ginawa sa akin ng sarili kong ama ay magagawa kong ipagkaila sa iyo ang anak ko kung mayroon nga?”

Ang mga salitang iyon lang ang bigla ay naging dahilan para matauhan si Graham.

Right, anang isipan ng lalaki, hinding-hindi magagawang ipagkaila ni Raven ang sarili niyang anak. Bakit hindi nito naisip iyon bago ito sumugod na parang galit na toro? Nasapo nito ang noo at tumalikod. *Damn it!*

“So,” patuloy ng dalaga na siya ngayon ang lalong tumitindi ang nararamdamang galit, “may nagsabi sa iyong may anak ako and... zoom! Here you are, ready to castigate me to the bones! Sino itong informer mo, na masyadong yatang malakas ang convincing power?”

“I’m sorry.” All his life, laging si Graham ang nasasabihan ng mga katagang iyon. Si Raven, ang bunsong kapatid, ang laging lumalabas na panalo sa anumang bangayan nila.

“Si Dimples ang tinutukoy ng kung sinumang nagsabi sa iyo na may anak ako. Iniwan siya sa labas ng pinto ng bahay ko; halos bagong panganak pa lamang siya. Kung nag-abala ka sanang bumisita nitong nagdaang taon, mas maaga mo siyang nakilala, at ako mismo ang nagpakilala sa kanya sa iyo. Not some idiot who didn’t know a thing!”

“Again, I’m sorry,” puno ng sinseridad na saad nito.

Inirapan niya ang kapatid at pinagtiklop ang mga braso sa dibdib.

Tinungo ni Graham ang sofa at iniupo ang pagod na katawan. “I’m glad to know na binubuksan mo pala ito tuwing summer. How’s it doing?”

“Fine,” mayabang niyang sagot.

Inilibot nito ang paningin sa paligid. Ang bahay na iyon ay pamana ng kanilang lolo kay Raven.

“At least, may buhay na uli itong lugar,” anito sa mahinang boses.

“I did not open it as a camping site. It’s more of a sanctuary for kids. Paraan ko lang ito para mapasaya kahit sandali ang mga batang ito na kinuha ko sa bahay kalinga.”

“Mula nang magkaroon ka ng sarili mong trabaho, napansin kong panay ang pagbibigay mo ng tulong sa bahay kalinga. I hope you’re doing this because it makes you happy.”

Nasapo niya ang noo. Magsisimula na naman ito! “Kuya, ano ba ang mali sa ginagawa ko at sa tuwing may pagkakataon ka ay ang bagay na iyan

ang sinasabi mo?” tanong niya.

“Darating ang panahon na ang perang iniwan sa iyo ng Lolo ay mauubos at walang maiwan para sa iyo,” paliwanag nito sa mahinahong boses. “Oo nga’t malaki ito, but it was for you. Iniwan niya ‘yun para sa ‘yo para hindi ka mahirapan sa buhay at hindi para gastusin mo sa ibang bagay. Baka ubos na ang pera mo sa kado-donate at ngayon ay ang suweldo mo naman ang ginagamit mo.”

“As you’ve said, ‘sarili kong pera’,” madiing sabi niya. “Wala kang pakialam kung saan ko ito gustong ubusin.”

Sa pagkakataong ito ay si Graham ang sumapo sa noo. “You are devoting your life to your work to the extent na hindi mo iniisip ang sarili mo. And you know what? Natatakot akong ginagawa mo ito hindi dahil sa ito ay bokasyon mo, kundi dahil gusto mong ipakita kay Daddy ang mga pagkakamali niya!”

“I don’t want to listen to this again.”

“Gusto mo siyang insultuhin sa hindi taos-pusong pagtanggap niya sa iyo,” patuloy nito. “Ipinapakita mong iba ka sa kanya. Na may mabuti kang puso dahil tingnan mo at tinutulungan mo ang mga batang ni hindi mo kadugo—”

“Umalis ka na.”

“But the funny things is...” Ngumiti ito nang mapait, hindi pinansin ang kanyang sinabi. “What you are doing does not interest him. Hayun siya sa ibang bansa, ine-enjoy ang buhay kaya napupunta sa wala ang layunin mo. When are you going to accept the fact na hindi siya karapat-dapat sa sakripisyo mong ito? I love our father, pero alam ko ang mga pagkukulang niya sa iyo and I don’t like it. Move on with your life, for Christ’s sake! Huwag mong limitahan ang sarili mo sa lugar na ito.”

“I love these children. Kahit sa maikling panahong nakakasama ko sila.” Pilit niyang kinontrol ang boses para hindi iyon mabasag.

“Alam ko, alam ko. Pero ang pagmamahal na sinasabi mo ay nababase sa maling prinsipyo. You can continue doing this all your life, pero hindi sa paraang halos pinaparusahan mo ang sarili mo. Kung naiintindihan ng mga batang ito ang nagtutulak sa iyo na mahalin sila, I don’t think they would appreciate it, Raven.”

“Bakit mo ginagawa ito?” mapait na tanong niya. “Bakit ka nakikialam sa gusto kong gawin?”

“Kapatid kita. I care for you.”

“I don’t want you to care.”

Ngumiti nang mapakla ang lalaki. “Right, you don’t.” Tumingin ito sa kawalan. “Naaalala mo noong unang dating mo sa bahay?” tanong nito.

At paano makakalimutan ni Raven ang araw na iyon? Hayun siya, pitong taong gulang at kauulila sa ina na siyang tanging nagpalaki sa kanya.

Dinala siya ng kapitan ng baranggay nila sa tahanan ng mga Sison. Isa sa mga pinakamayamang pamilya sa lungsod ang pamilya ni Marklot Sison. Naroon din ang dalawang anak nito na sina Marcus at Federico kasama ang kani-kanilang mga pamilya.

Sa harap ng mga ito, ipinakilala siya ng kapitan bilang anak ni Marcus Sison kasama ang papeles na tumutukoy rito bilang ama ng bata.

Pero isang tingin lang sa kanya ay hindi na nila kinailangan ang mga papeles. Sa murang edad niya ay taglay niya ang pisikal na anyo na makikita sa pamilyang ito.

Ni hindi nagtangkang itanggi ni Marcus na mayroon itong anak sa ibang babae na hindi sinilip man lang nitong nagdaang mga taon.

Pero tumanggi itong kupkupin siya.

Years later, naintindihan niya na ang dahilan kung bakit napilitan ang ama na akuin siya ay dahil tinakot ito ni Marklot, at sinabing ang mamanahin ng anak ay mapupunta lahat sa apong si Raven.

Sa tatlong anak ni Marcus na inabutan nila, tanging ang labintatlong taong gulang na si Graham lang ang ngumiti sa kanya.

Ang tanging senyales ng pagtanggap na nakita ng pitong taong gulang na batang babae.

Nagngalit ang mga ngipin ni Raven sa alalahanin. “Huwag mo nang ipaalala sa akin ang mga araw na ‘yon, Kuya,” pakiusap niya. “Lalo lamang nakakasakit sa akin.”

“You want me to become like the rest of them,” ani Graham. “Gusto mong hindi na kita pakialaman nang sa gayon ay magkaroon ka ng mas malalim na rason para magalit sa aming lahat. I’m sorry, Raven, but I will be here always. No matter what you do or what you say, you cannot drive me away.”

Deep inside her, gusto niyang abutin si Graham at yakapin ito. Gusto niyang makiusap na totohanin nito ang sinasabi—na hinding-hindi siya pababayaan.

Pero hindi siya puwedeng magpakita ng panghihina ng loob.

When Love Comes Along - Mari Calingayan

“Walang pumipilit sa ’yo.” Nagkibit-balikat ang dalaga. “Halika sa labas nang makilala mo si Dimples na siyang dahilan ng pagparito mo.”